sfac
san francisco
arts commission

# Mga panukala para sa likhang sining sa parke sa 11 at Natoma (“Rachele Sullivan Park”)

(11th Street sa pagitan ng lansangan ng Minna at Natoma)



**Panukalang petsa para sa Ekshibisyon:**
Setyembre 16 – 30, 2024

Magsasagawa ang San Francisco Arts Commission ng pag aaral para pumili ng panukalang dinisenyo ng mga manlilikhang-sining para sa mga powder-coated panel ilalagay sa bakod na pumapalibot sa parke sa kahabaan ng 11th street sa pagitan ng mga lansangan ng Minna at Natoma sa San Francisco. Layon ng proyekto na 1) Isulong ang pagkikipag ugnayan sa komunidad, damdamin ng pagiging kabahagi dito, ang pagiging inklusibo at paglalaro. Maaaring kasama dito ang pagdiriwang sa pagkaka iba-iba ng bawat isa, pagpapahalaga at mga buhay na pamana ng SOMA Pilipinas at ng Kulturang Distrito ng Leather & LGBTQ. 2) magbukas ng pagkakataon sa gawang sining para sa mga manlilikhang may malalim na koneksyon sa kapitbahayan 3) Kaugnayin ang komunidad sa pamamagitan ng mga gawaing pinamumunuan ng mga manlilikhang sining para ipaabot ang mga kaganapan sa pagbubuo ng disenyo ng likhang sining. Tatlong manlilikha/koponan ng mga manliikhang sining ang pinili bilang mga finalist sa isang Public Art Review panel para magdisenyo ng mga panukalang sining para lamang sa lugar na ito. Ang mga manlilikha/koponan ay sila: Juan Manuel Carmona, Ricardo Estrella at Ethel Revita ng Creativity Explored, at Jenifer Wofford.

**Magyari po lamang bigyan po kami ng kaunti ninyong panahon para pag aralan ang mga mungkahing sining at ibahagi po sa amin ang kung ano ang inyong masasabi tungkol po sa kanila.** Ang mga mungkahi ay makikita sa www.sfartscommission.org/calendar, sa seksyon ng Public Art Proposal Display o makikita din ito gamit ang QR Code sa ibaba, kung saan maaari din ninyong ibahagi ang inyong masasabi gamit ang pormularyo (form) para sa pampublikong komento. Maari din magbigay ng komento gamit ang email sa sfacpublicartcomment@sfgov.org bago sumapit ang 5:00 p.m. sa Lunes, Setyembre 30, 2024. PST. Isasaalang alang ng mga panelist ang mga komento bilang bahagi ng pulong ng Final Review Panel kung saan sasabihin nila ang kung alin sa mga mungkahi ang kanilang inirerekomenda para ipatupad. Paalala po lamang na bawat komento ay hindi maituturing na isang boto. Gagawing remote ang pulong ng Final Review Panel at ito ay bukas sa lahat. Ang adyenda para sa pagpupulong ay makikita sa website ng SFAC sa Public meeting section 72 oras bago magsimula ang pulong: www.sfartscommission.org.

For more information, please contact: sfacpublicartcomment@sfgov.org, or (415) 252-2100. Materiales traducidos están disponibles para usted de manera gratuita. Para asistencia, notifique a sfacpublicartcomment@sfgov.org, or (415) 252-2100. 我們將為閣下提供免費的書面翻譯資料。 如需協助，sfacpublicartcomment@sfgov.org, or (415) 252-2100. Ang mga materyales na nakasalin sa ibang wika at ang mga serbisyong tagapagsalin sa wika ay walang bayad. Para sa tulong, maaring i-contact si sfacpublicartcomment@sfgov.org, or (415) 252-2100.


**Gamitin po ang QR code para makita ang mga mungkahi online at para gamitin ang Feedback form:**

**Para sa dagdag na kaalaman patungkol sa Proyekto para sa parke sa sa 11th at Natoma ("Rachele Sullivan Park"), mangyari pong tunghayan ang pahina ng San Francisco Recreation and Parks project:**
[https://www.sfrecpark.org/1635/Rachele-Sullivan-Park-Project](https://www.sfrecpark.org/1635/Rachele-Sullivan-Park-Project)

*SF LOVE*

## Panukala para sa pampublikong  sining sa parke sa 11$^{th}$ at Natoma

ni Juan Manuel Carmona




Ang pinaka mótif ng panukalang  pampublikong sining sa 11$^{th}$ at Natoma Park ay ang sama sama nating PAG IBIG sa kabila ng ating pagkaka ibat-ibang mamamayan para sa ating minamahal na San Francisco.

Ang pamagat ng proyektong pampublikong sining ay "SF LOVE" at binubuo ito ng 11-talampakang taas na palibot na bakod na gawa sa powder-coated aluminum sa kahabaan ng 11$^{th}$ Street na harapan ng bagong parke. Ang bakod ay binubuo ng 57 na laser-cut panel na higit-kumulang ay 41 x 65 pulgada ang bawat isa.

Mula sa leather pup at madreng drag queen hangang sa mga bayaning Filipino at si Rosie the Riveter, sinisikap nitong inklusibong komposisyon na maging positibong inspirasyon sa lahat, anuman ang kanilang edad, kasarian, pinagmulan o kasaysayan.

**The Pup:** Kinakatawan ng karakter na ito ang pagpupugay sa Distrito ng Leather & LGBTQ+ at sa mga tanyag na street festival na ginaganap sa kapitbahayan ng SOMA. Tinutunghayan ang Serge Gay mural sa gusali ng Mr. S Leather sa kalye ng 8th at Heron.

The Drag Nun: Ang mga Sisters of Perpetual Indulgence bilang humahalakhak na madre, pagbibigay pugay sa organisasyon, mga drag performers at sa OASIS SF na malapit lang dito  (11th & Folsom St.).

The Worker: Ang mangagawa na may martilyo sa kanyang kamay ay patungkol sa mga manggagawa at imigrante na dumating sa bansa para magtrabaho upang matamo ang “american dream”. Pinatutunghayan ang working class style ni Diego Rivera at mga mural sa San Francisco.

Bayani: ‘bayan’ community komunidad/ ‘bayani’ hero. Kinakatawan ng pigura ang pagkabuklod sa loob at hanay ng mga imigranteng komunidad na naninirahan sa SOMA at nagbibigay pugay sa Distrito na kultrang pamana ng Filipino. Sinasagisag ng Bayani ang pag aaruga ng komunidad ng higit pa sa sarili, na mas nakatutok pa sa kapakanan ng lahat.

Sombrero Guy: Ito ay pagbibigay pugay sa Pamana ng Mexco sa akin, ang komunidad ng Latino na namumuhay sa San Francisco at ng kasaysayan ng California. Kinakatawan ng Sombrero Guy ang araw/umagang panig ng  “La Jornada” - isang alegórya sa araw ng pagtatrabaho.

Rosie the Riveter: Patalínhagà sa cultural icon ng Amerika na kumakatawan sa mga kababaihan na nagtrabaho sa mga factory at pagawaan ng mga barko nuong panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig. Inilalarawan ang karakter bilang isang taong hindi puti ang kulay ng balat na may katumbas na lakas ni Sombrero Guy. Si Rosie ay pagpupugay sa angking kapangyarihan ng kababaihan pati na rin na kumakatawan sa gabi/buwan na panig ng “La Jornada”.


Leather Pride Flag: Ang leather pride flag ay simbulo ng leather subculture pati na rin ang  kink at fetish subculture at sa mas malawak na pananaw, kasama na ang BDSM. Ang bandera ay disenyo ni Tony DeBlase nuong 1989.

Filipino Coat of Arms: Naglalarawan ng  walong lamuymóy (o sinag ng araw na kung saan ang bawat isa ay kumakatawan sa walong probinsiya (Batangas, Bulacan, Cavite, Manila, Laguna, Nueva Ecija, Pampanga, at Tarlac) at ang bituin na may limang sulok na kumakatawan sa tatlong malalaking grupo ng mga isla ng  Luzon, Visayas, at Mindanao.

*Hillsides of Home*

## Panukala para sa proyektong pampublikong sining ng parke sa 11th at Natoma

nila Ricardo Estella at Ethel Revita sa pakikipagtulungan sa Creativity Explored




Ang Hillsides of Home ay isang malayaw na koleksyon ng mga alaala nuong kabataan sa Pilipinas ni Ricardo Estella, na inilawan ni Ethel Revita sa mga masiglang pattern na gilid ng burol. Ang dalawang manlilikha ay matagal nang kasapi ng Creativity Explored, isang samahan ng mga manlilikha para sa mga may kapansanan at nasa hustong edad, kung saan nakagawa sila ng mayamang kálakarán sa sining na mula sa ibat-ibang hanapbuhay at gawain sa loob ng nagdaang dalawang dekada. Gamit ang inspirasyon mula sa hangarin ng mga kasapi sa komunidad para sa sining sa 11th at Natoma, tinuklas ng mga manlilikha ang mga tema ng kalikasan, mga pananim, kasaysayan at ang kanilang sama samang pamana mula sa Pilipinas. Para sa komposisyong ito, mahigipit na nakipag tulungan ang mga manlilikha sa kawani ng CE para bumuo ng mga bagong likha, na siyang sinama sa hanay ng mga kasalukuyang likhang sining.

Ang pagsasalarawan ni Estrella ay siksik ng taos-pusong simbolismong may kaugnayan sa mga alaala ng mga kapaligiran sa Baguio nuong mga taong 1960. Sa malalim na paguugat sa lugar, ang disenyo ni Estrella ay nagpupugay sa tahanan na kanyang kinalakihan, mga hayop na kung saan katulong siyang nag

alaga, at malalim na pasasalamat sa likasl na ganda ng lupa. Binibigyan liwanag sa kabuuhan ng disenyo ang serye ng mga Bahay Kubo, isang istilo ng pamamahay na nakatayo sa kahoy/kawayang paa na inspirasyon mula sa kanyang tahanan nuong kanyang kabataan. Ang Bulkang Taal na nakaugat sa lupa sa likod ng bahay ng kanyang lolo't lola ay inuulit  sa kabuuhan ng disenyo, nagsisilbing motif at lagda ni Estrella. Ang mga mayamang pattern ni Ethel Revita ay lalo pang kumikiling sa ganda ng pag taas-baba ng mga burol at bumúbungad sa naaakmang tanawin ni Estrella para sa kanyang kalabaw, mga manok at iba pang mga hayop. Sama sama silang lumilikha ng masayang himig.

Para mabuo ang disenyo, sinalin ni Kate Hope, kawani ng CE mga piniling likhang sining sa anyong digital, at muling pinag sama sama ang mga ito para gawin ang sinasabing komposisyon. Ang kahel na bakod ay pagpupugay sa Creativity Expolored, na siyang kulay na nagsisilbing tatak nila, at tamang tama sa mga kulay na gamit ng bagong parke, kung saan pinag iisa ng bakod at mga istruktura sa paglalaro, mga banko at mga tanim. Umaasa kami sa mga pagtitipon tipon sa pinakabagong parke ng SOMA, kung saan ang disenyong ito ay magsisilbing inspirasyon sa makabuluhang pakikipag ugnayan sa komunidad, sa mga koneksyon at sa kagalakan.

Ang Creativity Explored ang mag sisilbing tagapag ugnay sa pagitan ng mga manlilikha (Ricardo Estrella at Ethel Revita), ng San Francisco Artist Commission, ng mga taga gawa, at mga kasapi ng komunidad na may interes at kinalaman sa proyekto para pagtulungan na tapusin ang disenyo. Magtutulungan tayo sa mga pagbabago sa disenyo kung sakaling ito ay kakailanganin, para tugunan ang hanganan ng pangangailangan na ito ay hindi magiging tagusan sa paningin, sa pamamamagagitan ng pagdadagdag ng likhang sining at iba pang mga pamamaraan sa pag gawa.


Magtatanghal ang Creativity Explored ng pampublikong programa  at pagdiriwang sa aming studio sa 16th at Guerrero para sa komunidad upang alamin ang kanilang masasabi at para ipaabot ang mga kaganapan tungo sa pagtatapos sa disenyo ng sining. Para sa programang ito, balak naming makipag ugnayan sa mga miyembro ng komunidad sa SOMA para alamin ang mga masasabi ng komunidad sa pinakamalawak na paraan.

Tampok sa pampublikong programa sa aming studio ang paglikha ng sining, mga makakain, musika at kuwentuhan para mas lalong tuklasin ang mga tema na mahalaga sa komunidad. Mahalaga sa amin ang gumawa ng pinakamaraming paraan na posible para alamin ang mga  masasabi sa aming panukala sa pamamagitan ng pantay at madaling ma akses na proseso.

*Natomarama*

Panukala Sining para sa 11th at Natoma Proyekto para sa pampublikong sining sa parke ng SFAC

ni Jenifer K Wofford




## Walang hanggang Lungsod, walang hanggang Landscape

Ang disenyo at pamagat na **Natomarama** ay batay sa **Myriorama**, isang klasika at parang barahang panglibangan na may ibat-ibang larawan na kapag pinagtabi tabi ay makakabuo ng malawak, iba-iba at walang bilang na mga larawan ng mga lugar (landscape). Pinaparangalan nito ang sinaunang SOMA, sa mga kasunod na kasaysayan ng Filipino, leather at queer na nasa lugar.

Ang disenyo ng tarangkahan (gate) ay gumagamit ng serye ng mga panel na tatlong hilera pataas at inayos sa iba't-ibang kombinasyon para gumawa ng magkakaibang kuwento at kahulugan. Katulad ng tradisyonal na Myriorama, bawat grupo ng mga imahen ay may marami at maayos na paraan para pag kabit kabitin sila kung kayat pupuwedeng pag palit palitin ang mga panel.

Isang masaya at mainit-init na dilaw ang nagpapaalala ng mga punong manga at gingko na bumabagay sa iba't-ibang tingkad ng pula-kahel-berdeng mga kulay sa parke. Lahat ng mga kulay at tanawin ng Natomarama ay sinadya para pumukaw ng damdamin nang pagiging nasa mabuting kalagayan, damdamin na kabilang ang isa sa  lahat, at para ipagdiwang ng pagkakaiba iba ng mga komunidad ng SOMA.

## Hiwaga. Kasaysayan

Ang makapal at mababang ulap (fog). Halumigmig (mist), ang Bay. mga ibon. Latian (Marsh). Buwan. Burol. Bato.

Ang mga imahen at simbolo ng tarangkahan ay patungkol sa natural na mundo ng Bay at diwa ng mga nakaraan at kasalukuyang  komunidad, habang ang iba pang mga imahe ay mas mahiwaga, mas matulain, mas may kahulugang simboliko. Ang ibang imahe ay bubuuhin matapos ang pakikipag talakayan sa komunidad ng SOMA.

Pinupukaw ng landscape ang anyo ng Bay bago pa man ang kolonisasyon at urbanisasyon nito, gaya ng mga latian (marshes) na unang natatagpuan sa lugar na ngayon ay SOMA.

Ang tila singsing na buwan ay sumasalamin sa mala-siklong pagkilos na pilosopia ng aikido dojo na nasa karatig na lugar. Ang mga entrada at mga póste ay nagbibigay daan sa tila lugar ng pangarap. Ang saranggola ay mas nagbibigay buhay sa kalangitan, nagdadagdag ng kagaanan:  taglay nito ang simbolo ng lumikha nito na gawa sa balat bilang disimuládong pag tangô sa leather community ng SOMA.

## Istruktura, Tibay

Dalawang puno, ang manga at ginko, ay pangunahing pinapakita. Ang dalawang punong ito ay itinatampok din sa mga naka ánggulóng mga panel ng kanto ng Natoma at 11th.

Ang dalawang puno ay hindi katutubo sa lugar, subalit ang mga ito ang naging simbolo ng mga komunidad na naglatag ng kanilang mga ugat sa SOMA at ang dalawa ay simboliko at mitólohíyang motif ng mga komunidad ng Pilipinas, Asyano, Queer at trans.

Ang parang pusong mga manga ay katulad ng tila hugis pusong mga bato sa lupa, na nakahimlay dito bilang simbolo ng panahon at pagpupursigí.

Lahat ng mga panel ng parke sa tarangkahan ay gawa sa matibay at madaling alagaan na powder-coated aluminum na napadaling linisin at ayusin. Ipinagkakabit kabit ang mga panel ng materyal na may mga pinong butas at iba-ibang grado ng iskrin (screen) para ang mga ito ay magkaroon ng matibay na istruktura at maging tagúsan sa paningin..